

Paano binubuhay ng Allah ang mga patay?

Binubuhay ng Allah ang mga patay kung paano Niya sila nilikha noong una.

Sinabi ng Allah:

"O mga tao, kung kayo ay may pag-aalinlangan tungkol sa muling pagkabuhay, katotohanan na nilikha Namin kayo mula sa alabok, pagkatapos ay mula sa patak ng semilya, pagkatapos ay mula sa namuong dugo, pagkatapos ay mula sa piraso ng laman na may anyo at walang anyo, upang ipakita Namin sa inyo (ang Aming kapangyarihan). At Aming inilalagay sa sinapupunan ang anumang nais Namin hanggang sa takdang panahon, pagkatapos ay inilalabas Namin kayo bilang sanggol, pagkatapos ay upang kayo ay makarating sa inyong kasibulan. At mayroong sa inyo na namamatay, at mayroong sa inyo na ibinabalik sa pinaka-abang edad, upang wala siyang malaman matapos ang pagkakaroon ng kaalaman. At inyong nakikita ang lupa na tigang, ngunit kapag Aming ibinuhos ang tubig dito, ito ay kumikilos at tumutubo, at nagbubunga ng bawat uri ng kaaya-ayang halaman."^[82] (Surah Al-Hajj: 5)

"Hindi ba nakikita ng tao na siya ay Aming nilikha mula sa patak ng semilya, ngunit siya ay nagiging malinaw na katunggali? At siya ay nagbibigay ng halimbawa para sa Amin, at nakalimutan niya ang kanyang sariling paglikha. Sinabi niya, 'Sino ang magbibigay-buhay sa mga butong ito kapag ito ay naging alabok?' Sabihin mo, 'Ang magbibigay-buhay sa mga ito ay Siyang lumikha sa mga ito noong una, at Siya ay Ganap na Maalam sa bawat paglikha.'"^[83] (Surah Ya-Sin: 77-79)

"Kung gayon, tingnan mo ang mga bakas ng awa ng Allah kung paano Niya binubuhay ang lupa pagkatapos ng kamatayan nito. Katotohanan, Siya ang nagbibigay-buhay sa mga patay, at Siya ay Makapangyarihan sa lahat ng bagay." (Surah Ar-Rum: 50)

سؤال وجواب حول الإسلام

المصدر: <https://nwahy.com/qa-islam/tl/27/>

Arabic المصدر: <https://nwahy.com/qa-islam/ar/27/>

Thursday 21st of May 2026 11:51:31 PM